PAHAYAG

BICOL CARAVAN AGAINST THE BALIKATAN MILITARY EXERCISES

Legaspi City, Albay

25 February 2009

Dios maray na aldaw sa indo gabos.

Inaalay ko ang aking tinig sa inyong kolektibong pagtutol sa RP-US Balikatan military exercise. Nawa'y tularan ng buong bansa ang pinapakita ninyong katapangan sa paglaban sa panghihimasok ng banyagang militar sa ating inang bayan.

Dapat nang mapawalang-bisa ang RP-US Visiting Forces Agreement sa madaling panahon. Makaisang-panig ang kasunduang ito, at ginagamit lamang ng Estados Unidos para mapanatili ang kanyang impluwensiya sa Asya. Wala nang lugar sa isang lipunang naghahangad ng kapayapaan ang VFA at Balikatan exercise sapagkat ito ay nag-aanyaya lamang ng mas maraming panganib.

Dagdag pa rito, malaking halaga ang ginugugol ng ating pamahalaan para sa Balikatan. Dapat ay nilalaan na lamang ito para sa mga naghihikahos nating mga kapatid na Bikolano. Ramdam ng buong mundo ang papatinding kahirapan bunsod ng resesyong pang-ekonomiya, at ito ang dapat nang pinagtutuunan ng pansin ng ating pamahalaan higit kaysa sa pagpapakatuta sa Amerika. Ilan kayang klasrum, libro, kwaderno at papel ang mabibili para sa mga kabataan imbes na mga bala, baril, at tangke?

Dapat na ipatigil ang anumang military exercise samantalang pinag-aaralan ng Senado ang Visiting Forces Agreement upang maiwasan ang pagdami pa ng pang-aabuso. Nawa'y maunawaan din ng mga lokal na pamahalaan na hindi dapat nila kanlungin at hayaan ang patuloy na pagyurak sa ating soberanya.

Walang mang-aalipin kung walang magpapa-alipin, wika nga ni Rizal. Itinali ng Estados Unidos ang ating bansa ng matagal na panahon, at pinapanatili ng sarili nating pamahalaan ang ating pagka-alipin.

Magkaisa tayo upang mapatid ang tanikalang gumapos sa atin sa mahigit na isang siglo! Magkaisa tayo upang mapatid ang tanikalang sumasakal sa ating soberanya!

Malmadrigal

M.A. MADRIGAL